UNIVERSITY OF UTAH SCHOOL OF MEDICINE

Boluntaryong Kalahok sa Pananaliksik

# Batas *sa* Karapatan

**Bawat tao ay may karapatan. Ang mga mananaliksik sa Unibersidad ng Utah ay nais na iyong mabatid ang iyong karapatan.**

**Ikaw o ang iyong mahal sa buhay ay may karapatan:**

**Ang masabihan kung bakit ginagawa ang pananaliksik.**

**Ang masabihan kung ano ang magiging iba mula sa iyong regular na pangangalaga at ano ang mananatili.**

**Ang masabihan kung ano ang mga panganib at sideeffect, kasama ang anumang kahirapan.**

**Ang masabihan kung mayroon ganumang benepisyo para sai yong pakikilahok sa pananaliksik at kung ano-ano ito.**

**Ang masabihan ng LAHAT ng iyong pagpipilian at ang kanilang mga panganib at benepisyo.**

**Ang masabihan ka kung ano ang medikal na pangangalagang iyong magagamit sakaling magka pinsala o komplikasyon dahil sa paglahok sa pananaliksik.**

**Ang magdahan-dahan sa pagdedesisyon kung tamang ikaw ay makibahagi.**

**Ang magtanong bago at habang nagsasaliksik.**

**Ang piliing HUWAG makibahagi sa pananaliksik anumang oras. Ang iyong karapatan sa medical na pangangalaga ay HINDI maaapektuhan kapag nagdesisyon kang HUWAG makibahagi sa pananaliksik.**

**Ang mag desisyon ng walang panggigipit o pamumuwersa.**

**Ang mabigyan ng kopya ng pinirmahan at may petsang form ng pahintulot.**

**Kung mayroon kang anumang katanungan o pagkabahala tungkol sai yong karapatan,o karapatan ng mahal sa buhay, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong doctor ng pananaliksik.**

**Maaari ka ring makipag-ugnayan sa University of Utah Institutional Review Board (IRB) sa (801)581-3644 o sa Research Participant Advocate sa (801) 581-3803.**






